Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-12 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 40-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATIBAY SA SUBDIVISION DEVELOPMENT PLAN NG ALEJANDRA SUBDIVISION NA PAG-AARI NI G. VICENTE C. CRUZ NA MATATAGPUAN SA BARANGAY CANALATE, LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCSICO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** si G. Vicente C. Cruz ay naghain ng aplikasyon sa Sangguniang Panlungsod para sa isang proyektong subdibisyong pang-residensyal (economic housing) na tinaguriang Alejandra Subdivision;

**SAPAGKAT,** ang lupang inihain na may kabuuang sukat na 1.7 hektarya humigit-kumulang na matatagpuan sa Barangay Canalate, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang Department of Agrarian Reform ay nagbigay ng sertipikasyon para sa paksang lupa;

**SAPAGKAT,** ang paksang lupa ay naitalaga bilang lupang residensyal na pinahihintulutan ng Zoning Certification mula sa City Planning and Development Office;

**SAPAGKAT,** ang kapangyarihan ng pagbibigay ng pagpapatibay ng Subdivision Development Plan ay nailipat sa lokal na Sanggunian sa pamamagitan ng mga batas at alituntuning gaya ng Local Government Code of 1991 o R.A 7160, Executive Order No. 71 at Batas Pambansa 220;

**SAPAGKAT,** ang pag-aaral at pagpapatibay ng aplikasyon ng isang subdibisyong residensyal ay nakabatay sa mga alituntuning nakalatag sa Presidential Decree No. 220 na nilapatan ng Revised Implementing Rules and Regulations ng Housing and Land Use Regulatory Board;

**SAPAGKAT,** natagpuan sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng Sangguniang Panlungsod at mga tanggapan ng Pamahalaang Panlungsod na naisumite ang mga sapat na dokumento, plano at sertipikasyon at tugma sa mga pinagbatayang batas at alituntunin;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Subdivision Development Plan ng Alejandra Subdivision, isang Economic Housing Project, na pagmamay-ari ni G. VICENTE C. CRUZ na may kabuuang sukat na 1.7 hektarya humigit-kumulang na matatagpuan sa Barangay Canalate, Lungsod ng Malolos.

**IPINASIYA RIN NA,** sa mga plano ay natagpuang angkop at sa mga naitama batay sa rekomendasyon sang-ayon sa batas ay itatatak ang selyo ng pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod.

**IPINASIYA PA RIN,** na hilingin sa Punong Lungsod na atasan ang iba't ibang tanggapan ng Pamahalaang Lungsod na may kinalaman sa mga gawaing pagpapaunlad gaya ng Panlungsod na Tanggapan sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Tanggapan ng Panlungsod na Inhinyero, Tanggapan ng Panlungsod na Manggagamot at iba pa na tiyakin na ang mga konstruksyong isasagawa kaugnay sa Kapasiyahang ito ay hindi lilihis sa mga detalyeng nakapaloob sa mga planong pinagtibay sa pamamagitan ng Kapasiyahang ito at mga planong natatakan ng selyo ng Sangguniang Panlungsod at mabigyan ng ulat sa tuwi-tuwina ang Sangguniang Panlungsod para sa karampatang aksyon ukol dito.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA B. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12072020